# KAPASIYAHAN BLG. 2021-91

**"HUMIHILING SA BUTIHING BOKAL NG IKALAWANG DISTRITO NG LALAWIGAN NG BULACAN, IGG. WILHELMINO M. SY-ALVARADO, NA MAPAGKALOOBAN ANG SANGGUNIANG BAYAN NG BUSTOS NG HALAGANG ISANG DAANG LIBONG PISO (PHP100,000.00) PARA SA VIRTUAL FUN RUN TAKBOLUSYON 2021."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. John Erick L. Perez**
*Tagapangulo*
Lupon sa Edukasyon, Agham, Teknolohiya, Telekomunikasyon at Transportasyon

---

**SAPAGKA'T,** taun-taon ay isinasagawa sa Bayan ng Bustos ang programa na Takbolusyon;

**SAPAGKA'T,** ngayong panahon ng pandemya ay pinagbabawal ang maramihang pagtitipon kung kaya mas mainam ang pagkakaroon virtual fun run;

**SAPAGKA'T**, para lalong mapataas ang antas ng kalusugan at larangan ng palakasan ay sinisikap ng Pangalawang Punong Bayan, sa pangunguna ni Igg. Arnel F. Mendoza, na maipagpatuloy ang gawaing ito;

**SAPAGKA'T**, upang maisakatuparan ang magandang layunin ng programang ito ay kinakailangang makalikom ng pondong salapi para sa mga gugulin.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. JOHN ERICK L. PEREZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na hilingin sa butihing Pangalawang Punong Lalawigan ng Bulacan, Igg. Wihelmino M. Sy-Alvarado, na mapagkaloob ang Sangguniang Bayan ng Bustos ng halagang Isang Daang Libong Piso (PhP100,000.00) para sa virtual fun run Takbolusyon 2021.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-28 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni | **Jonalyn S. Ortega-Santos**<br>Kasangguni |
| **Toni Flor H. De Guzman**<br>Kasangguni | **Rosette G. Pangilinan**<br>Kasangguni |
| **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni | **Aljhaneal B. Quiñones**<br>Kasangguni |
| **Melvin H. Melencio**<br>Kasangguni | **Gemar Aldrich M. Cruz**<br>Kasangguni |
| **Martin S.J. Angeles**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

——■——

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-28 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim